Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

# Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa: Batayan Sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan

Joemel P. Guantia [1]
joemelparcon13@gmail.com
0009-0003-6116-6784

Ma. Leni C. Francisco [1]
francisco.maleni26@gmail.com
0009-0007-2401-1897

1 – STI West Negros University

Publication Date: September 4, 2026
DOI: **10.5281/zenodo.22305858**

**Abstract**

Nilalayon ng pananaliksik na ito na matukoy ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Estratehiyang Oral, Tekstuwal, at Biswal, gayundin ang pagkakaiba ng mga ito ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-komparatibong pamamaraan na nilahukan ng limampu't tatlong (53) guro sa asignaturang Filipino mula sa siyam (9) na paaralan sa Distrito 9 ng Dibisyon ng Silay. Ginamit ang sariling-likhang talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng datos na dumaan sa balidasyon at pagsusuri sa pagiging maaasahan. Sinuri ang mga datos gamit ang frequency count, percentage, mean, at Mann-Whitney U test. Natuklasan na mataas hanggang napakataas ang antas ng pagtataya ng mga guro sa paggamit ng Estratehiyang Oral, Tekstuwal, at Biswal. Sa Estratehiyang Oral, napakataas ang pagtataya, bagaman ang paggamit ng recorded reading ay nangangailangan pa ng higit na pagpapatibay. Sa Estratehiyang Tekstuwal, napakataas din ang pagtataya, subalit nangangailangan pa ng pagpapatibay ang paghikayat sa mga mag-aaral na markahan o salungguhitan ang mahahalagang bahagi ng teksto at ang pag-oorganisa ng gawaing pagsusuri sa gawa ng kaklase. Sa Estratehiyang Biswal, napakataas ang pagtataya, ngunit kailangan pang patibayin ang paggamit ng flashcards upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mahahalagang salita o konsepto. Ipinakita rin ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa tatlong estratehiya kapag pinangkat ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga estratehiya ay hindi nakasalalay sa mga nabanggit na katangian. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagbasa na nakatuon sa pagpapatibay ng mga kasanayang nangangailangan pa ng higit na pag-unlad.

**Keywords:** *Pagtuturo ng Pagbasa, Estratehiyang Oral, Estratehiyang Tekstuwal, Estratehiyang Biswal, Kasanayan ng Guro, Pagpapaunlad ng Kakayahan*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

## Introduksyon

### Rasyonale

Sa isang lipunang pinatatakbo ng impormasyon, ang pagbasa ay hindi na lamang isang akademikong pangangailangan kundi ang mismong pundasyon ng pakikilahok sa modernong sibilisasyon. Sa kasalukuyang pedagohiya, ang pagbasa sa asignaturang Filipino ay lumampas na sa payak na pagkilala sa mga titik; kinikilala na ngayon ito bilang isang aktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan at kritikal na pagsusuri na sentro ng intelektwal na pag-unlad ng mga mag-aaral (Monde, 2023).

Gayunpaman, sa kabila ng kinikilalang mahalagang papel ng pagbasa sa pagkatuto at intelektwal na pag-unlad, ang Pilipinas ay kasalukuyang nahaharap sa isang malalim at sistemikong krisis sa literasiya. Ayon sa OECD (2019), pandaigdigang konteksto, malinaw na ipinakita ng mababang pagganap ng bansa sa *Programme for International Student Assessment* (PISA) noong 2018 ang limitadong kakayahan ng maraming Pilipinong mag-aaral sa pag-unawa, pagproseso, at kritikal na pagsusuri ng impormasyon. Ang ganitong kalagayan ay higit pang pinatitibay ng mga datos mula sa *Second Congressional Commission on Education* (EDCOM II, 2026), na nagpapakita ng nakababahalang pagbaba ng antas ng *reading proficiency* mula 30.52% sa Ikatlong Baitang hanggang sa kritikal na 0.47% sa Ika-12 Baitang. Ang estadistikang ito ay nagsisilbing malinaw na indikasyon ng malalim na agwat sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral, sapagkat ipinahihiwatig nito na apat (4) lamang sa bawat 1,000 mag-aaral ang umaabot sa antas na maituturing na "*proficient*" sa pagbasa sa pagtatapos ng *senior high school.*

Inilahad ni Longos (2019) sa kanyang pag-aaral na batay sa datos ng Phil-IRI, sa mga pampublikong paaralan sa Tacloban City, Leyte, 46.39% ng mga mag-aaral sa Ikaapat na baitang ay nasa *Instructional level* at 22.68% ay nasa *Frustration level* sa pagbasa (Tolibas, 2025). Sa Dinagat Islands, 31.49% ng mga mag-aaral sa Ikapito hanggang Ikasampung baitang ay nasa *Instructional level* at 40.94% ay nasa *Frustration level*. Ipinapakita ng mga bilang na ito na marami sa mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng tulong ng guro o nahihirapan sa pag-unawa sa teksto, kaya mahalaga ang kasanayan at estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa.

Sa kontekstong ito, ang epektibong paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ay direktang kaakibat ng *Philippine Professional Standards for Teachers (PPST) Domain 3 – Assessment* at *Instruction*, na naglalayong palakasin ang kakayahan ng guro sa pagbibigay ng makabuluhan at sistematikong gabay upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Marcelo, 2025). Bukod dito, ang pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ay nakatuon din sa mas malawak na pandaigdigang layunin, partikular sa *Sustainable Development Goal 4 (SDG 4),* na nagtataguyod ng inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa lahat at naglalayong itaguyod ang pantay na oportunidad para sa panghabambuhay na pagkatuto, kabilang ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat at pakikilahok, bilang pundasyon sa pag-unlad ng bawat indibidwal at lipunan (Sadiki, 2024)

Bagaman maraming pag-aaral ang tumalakay sa mga estratehiya sa pagbasa, kakaunti ang nakatuon sa pagsusuri ng kasanayan ng mga guro, lalo na sa antas ng sekondarya. Sa mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

paaralan sa Distrito 9 ng Dibisyon ng Silay, patuloy na nararanasan ng mga guro ang hamon sa pagtugon sa magkakaibang pangangailangan sa pagbasa ng mga mag-aaral at sa pagpili ng angkop na estratehiya. Dahil dito, naging motibasyon ng mananaliksik na suriin ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga kasanayang mahusay na naisasagawa at ang mga nangangailangan pa ng pagpapatibay bilang batayan sa pagbuo ng Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga Guro.

**Rebyu ng Literatura**

Sa pagtuturo ng pagbasa, mahalaga ang kasanayan ng guro sa pagpili at paggamit ng angkop na estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang pag-unawa, katatasan, at aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Sa mga dayuhang literatura, binigyang-diin ni Alexander (2017) ang kahalagahan ng dialogic teaching, kung saan ang usapan sa silid-aralan ay nagsisilbing makabuluhang paraan upang mapalalim ang pag-iisip, pag-unawa, at pagbuo ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang kakayahan ng guro sa pagpaplano at paggamit ng iba't ibang pamamaraang pasalita batay sa sitwasyon at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Hasbrouck at Glaser (2019) ang kahalagahan ng sistematikong pagmamasid at pagtuturo sa pagpapaunlad ng *reading fluency*. Kailangang pakinggan ng guro ang aktuwal na pagbasa ng mga mag-aaral upang matukoy ang mga aspektong nangangailangan ng suporta, tulad ng pagbigkas, ritmo, paghinto, at ekspresyon. Maaari itong tugunan sa pamamagitan ng pagmomodelo, ginabayang pagbasa, pagbasa nang pares, at paulit-ulit na pagsasanay. Sa larangan naman ng pag-unawa sa teksto, binigyang-diin nina Duke, Ward, at Pearson (2021) ang kahalagahan ng sistematikong pagtuturo ng mga estratehiya sa comprehension. Kaugnay nito, ipinakikita nina Harvey at Goudvis (2023) ang kahalagahan ng mga estratehiyang tumutulong sa mga mag-aaral na bumuo ng kahulugan, makibahagi sa proseso ng pagbasa, at magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa teksto. Ipinakikita ng mga pananaw na ito na mahalaga ang papel ng guro hindi lamang sa pagpapabasa ng teksto kundi sa pagbibigay ng malinaw na gabay upang matukoy ng mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon at makabuo ng sariling pag-unawa.

Sa paggamit naman ng mga biswal na estratehiya, binigyang-diin nina Fisher, Frey, at Hattie (2016) ang kahalagahan ng mga pamamaraang biswal sa pagtuturo ng literasiya. Kaugnay nito, ipinakikita nina Ferlazzo at Sypnieski (2018) at Fisher at Frey (2018) na maaaring gamitin ang graphic organizers upang maisaayos ang impormasyon at makatulong sa pagbuo ng pag-unawa. Gayunpaman, kinakailangan ang wastong pagpili at paggamit ng mga ito ayon sa layunin ng gawain.

Sinusuportahan ng mga kaugnay na dayuhang pag-aaral ang kahalagahan ng wastong paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa. Sa pag-aaral nina Alfino et al. (2019) sa Indonesia, ipinakita na ang paggamit ng *Think-Pair-Share* ay nakapagpataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong, pagsagot, pakikilahok sa talakayan, pakikipag-ugnayan sa pangkat, at pagsasalita sa harap ng klase. Gayunpaman, natukoy rin ang mga hamon tulad ng mababang kumpiyansa, limitadong bokabularyo, at kahinaan sa pagpapahayag ng ideya. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing pasalita ay nangangailangan ng gurong may kakayahang mag-organisa ng interaksiyon at magbigay ng sapat na paggabay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

Kaugnay nito, sinuri nina Fuchs et al. (2020) ang *First-Grade Peer-Assisted Learning Strategies o PALS* at ipinakita na ang mga mag-aaral na sumailalim dito ay nagpakita ng mas mahusay na resulta sa pinagsamang kasanayan sa *phonological awareness, word reading, at reading fluency* kaysa sa pangkat na kontrol. Ipinakikita ng resulta na ang sistematikong paggamit ng mga estratehiyang may kasamang pakikipag-ugnayan at paggabay ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang kasanayan sa pagbasa.

Sa lokal na literatura at mga pag-aaral, higit na binibigyang-diin ang pangangailangang maiangkop ang mga estratehiya sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at sa konteksto ng mga paaralan sa Pilipinas. Sa pag-aaral ni Gime (2023), binigyang-pansin ang pangangailangan para sa patuloy na pagpapaunlad ng kaalaman, kasanayan, at kahusayan ng mga guro sa Filipino. Kaugnay nito, ipinakikita nina De Guzman at Abagon (2021) ang kahalagahan ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at ang kaugnayan nito sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Sa paggamit ng mga biswal na estratehiya, ipinakita ni Magsalay (2022) na ang paggamit ng *concept map at KWL chart* sa pagtuturo ay nakatulong sa pagpapataas ng post-test scores ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na maaaring makatulong ang mga graphic organizer sa pagsasaayos ng impormasyon at pag-uugnay ng mga konsepto. Samantala, ipinakita ni Bearneza (2023) na ang paggamit ng larawan, dayagram, at *graphic organizer* ay nakatutulong sa paglilinaw ng mga konsepto at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, ipinakita nina Enario et al. (2022) sa kanilang pag-aaral tungkol sa guided visual imagery na parehong nagkaroon ng pagtaas sa post-test scores ang mga pangkat na gumamit ng tradisyonal na pamamaraan at biswal na estratehiya. Ipinahihiwatig nito na mahalaga pa rin ang paraan ng pagdidisenyo at paggabay ng guro sa paggamit ng estratehiya.

Isang partikular na halimbawa ng paggamit ng biswal na estratehiya ang pag-aaral nina Lubid et al. (2025) tungkol sa paggamit ng flashcards sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na tumaas ang mean score ng mga mag-aaral mula 11.07 bago ang interbensiyon tungo sa 16.00 matapos ang paggamit ng flashcards, na nagpapakita ng potensiyal nito sa pagpapaunlad ng word recognition, comprehension, at memory retention.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga nabanggit na literatura at pag-aaral na mahalaga ang kasanayan ng guro sa wastong pagpili, pagpaplano, pagpapatupad, at pag-angkop ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Bagama't may iba't ibang estratehiyang maaaring gamitin upang mapaunlad ang oral, textual, at visual na kasanayan sa pagbasa, nananatiling mahalaga ang kakayahan ng guro na gamitin ang mga ito nang naaayon sa layunin ng aralin at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dahil dito, naging mahalagang batayan ang mga literatura at pag-aaral na ito sa pagsusuri ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Estratehiyang Oral, Tekstuwal, at Biswal, gayundin sa pagtukoy sa mga kasanayang nangangailangan pa ng pagpapaunlad bilang batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad ng kakayahan.

**Teoritikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay pangunahing nakabatay sa *Gradual Release of Responsibility Model (GRRM)* nina Pearson at Gallagher (1983) na nagbibigay-diin sa unti-unting paglilipat ng responsibilidad sa pagkatuto mula sa guro patungo sa mag-aaral. Nakatuon ang modelong ito sa proseso kung saan ang guro ay nagsisimula bilang pangunahing tagapagmodelo at tagagabay,

habang unti-unting binibigyan ang mga mag-aaral ng higit na responsibilidad at kasarinlan sa pagsasagawa ng mga gawain. Karaniwang inilalarawan ang prosesong ito sa tatlong yugto: "I do," "We do," at "You do."

Ang modelong ito ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat binibigyang-halaga nito ang kasanayan ng guro sa pagpili, paggamit, pagmomodelo, at pagbibigay ng angkop na gabay sa mga mag-aaral. Sa pagtuturo ng pagbasa, mahalaga ang mga kasanayang ito upang maipakita ng guro ang wastong paraan ng pagbasa, magbigay ng ginabayang pagsasanay, at unti-unting maihanda ang mga mag-aaral na maisagawa nang mas malaya ang mga gawaing pagbasa.

Kaugnay nito, nagsisilbing batayan ang GRRM sa pagsusuri sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Estratehiyang Oral, Estratehiyang Tekstuwal, at Estratehiyang Biswal. Ang mga estratehiyang ito ay maaaring gamitin sa iba't ibang yugto ng modelo upang suportahan ang mga mag-aaral mula sa direktang paggabay ng guro hanggang sa mas malayang pagsasagawa ng mga gawaing pagbasa. Sa pamamagitan nito, nagiging malinaw ang papel ng guro bilang tagapagmodelo at tagagabay sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa.

Samakatuwid, ang *Gradual Release of Responsibility Model* ay nagsisilbing pangunahing teoretikal na batayan ng pag-aaral sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na pananaw kung paano ginagamit ng guro ang iba't ibang estratehiya sa pagbasa habang unti-unting inililipat sa mga mag-aaral ang responsibilidad sa kanilang pagkatuto. Ang mga resultang nakuha mula sa pagsusuri sa kasanayan ng mga guro ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan na tutugon sa mga pangangailangang natukoy sa pag-aaral.

## Layunin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Taong Panuruan 2025–2026 bilang batayan sa pagbuo ng Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga guro. Ispesipikong naglalayon itong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1) ang propayl ng mga tagatugon ayon sa sumusunod na mga baryabol: edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya; 2) ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa sumusunod na mga erya: Estratehiyang Oral, Estratehiyang Tekstuwal, at Estratehiyang Biswal; 3) ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga nabanggit na estratehiya ayon sa mga nabanggit na baryabol; 4) kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa mga nabanggit na baryabol; at 5) batay sa mga natuklasan, anong Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga guro ang mabubuo.

## Metodolohiya

Ito ay naglalaman ng metodolohiya ng pananaliksik. Ito ay tumatalakay sa disenyo ng pananaliksik, saklaw ng pananaliksik, paksa, at mga tagatugon, ang proseso ng pangangalap ng datos, ang instrumento ng pananaliksik, *test validity* at *reliability*, ang paraan ng pagproseso ng mga datos, ang *analytical schemes*, at *statistical tools*.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Desinyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibo-komparatibong disenyo ng pananaliksik upang mailarawan at maihambing ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa batay sa kanilang mga katangiang demograpiko. Ang deskriptibo-komparatibong disenyo ay nakatuon sa paglalarawan at paghahambing ng mga resulta sa pagitan ng mga pangkat o kategorya upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito. Ayon kay Capinding (2021), ang deskriptibo-komparatibong disenyo ay ginagamit upang paghambingin ang mga resulta ng mga pangkat o kalagayan batay sa mga sinusuring baryabol. Ang disenyong ito ay angkop sa pag-aaral na ito sapagkat, bukod sa paglalarawan ng kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, layunin din nitong matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng kasanayan kapag pinangkat ayon sa mga piling katangiang demograpiko. Sa pamamagitan nito, ang mga nakalap na datos ay nagsilbing empirikal na batayan sa pagbubuo ng mga konklusyon, rekomendasyon, at planong pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro.

**Lokal ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Distrito 9 ng Dibisyon ng Silay City, Lalawigan ng Negros Occidental, Rehiyon ng Negros Island, na binubuo ng labing-apat (14) na pampublikong paaralang sekondarya. Mula sa labing-apat (14) na paaralang ito, siyam (9) na pampublikong paaralang sekondarya ang pinili bilang mga lugar ng pangangalap ng datos batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino mula sa mga napiling paaralan ang nagsilbing mga tagatugon ng pag-aaral sapagkat sila ang partikular na pangkat na may direktang kaugnayan sa pagsusuri sa kanilang kasanayan sa paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.

Noong 2023, kinilala ang DepEd Schools Division Office (SDO) Silay City bilang isa sa mga tumanggap ng Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HRM) Bronze Award mula sa Civil Service Commission (CSC), na sumasalamin sa mahusay na paghahatid nito ng serbisyong pampubliko.

Ang mga paaralan ay patuloy na nakatatanggap ng mga karangalan, pagkilala, at gantimpala sa iba't ibang larangan at mga patimpalak. Ilan dito ay ang mga parangal sa Regional Festival of Talents (RFOT) 2026, kabilang ang Unang Gantimpala sa Stories in Silence, mga pagkilala sa Advocacy Pitch, Stemazing, at Pop Quiz; ang pagkakapili ng maikling pelikulang "Ang Lima ka Tayho" ng DepEd Central Office bilang bahagi ng PEACE Initiative; parangal sa iba't ibang kategorya ng pampaaralang pamamahayag; at ang mga medalya sa NIRAAM 2026 at iba pang panrehiyong kompetisyon sa larangan ng palakasan.

**Ang mga Tagatugon**

Ang mga tagatugon ng pananaliksik na ito ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa siyam (9) na paaralan sa Distrito 9, sa Dibisyon ng Silay. Pinili ang mga guro bilang kalahok sapagkat sila ang direktang nagpapatupad ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa kanilang mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *purposive sampling*, isang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

uri ng *non-probability sampling*, upang piliin ang mga guro na may sapat na kaalaman at karanasan sa pagtuturo ng pagbasa.

**Instrumentong Ginamit**

Ang mananaliksik ay nangalap ng mga kinakailangang datos sa pamamagitan ng isang *survey questionnaire* na binuo upang masukat ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ang instrumentong ito ay inihanda alinsunod sa mga suliraning inilahad sa pag-aaral at sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng Filipino at pananaliksik upang matiyak ang kaangkupan at kalinawan ng mga pahayag.

Ang talatanungan ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay tumutukoy sa demograpikong propayl ng mga guro batay sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ang ikalawang bahagi naman ay nakatuon sa pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, na inuri sa tatlong dimensyon: estratehiyang oral, estratehiyang tekstuwal, at estratehiyang biswal. Ang bawat dimensyon ay binubuo ng sampung (10) aytem, kaya ang talatanungan ay may kabuuang tatlumpung (30) aytem.

Ang mga guro ang nagsilbing mga tagatugon at nagbigay ng kanilang pagtataya gamit ang limang antas ng panukat. Ang interpretasyon ng mga nakuhang mean ay ibinatay sa sumusunod na saklaw: 5 (Palaging ginagamit), 4 (Madalas ginagamit), 3 (Paminsan-minsan ginagamit), 2 (Bihirang ginagamit) at 1 (Hindi ginagamit).

**Katumpakan at Kahusayan ng Instrumento**

Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang pagpili at pagbuo ng instrumentong panukat ay dapat naaayon sa layunin ng pag-aaral at sa baryabol na nais masukat. Ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik at isinailalim sa balidasyon ng tatlong (3) balideytor na may sapat na kaalaman sa pagtuturo ng Filipino upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at pagiging wasto ng bawat aytem. Ang mga mungkahi at rekomendasyon ng mga balideytor ay isinaalang-alang upang mapabuti ang nilalaman at organisasyon ng talatanungan. Ginamit sa pagsusuri ang pamantayan nina Good at Scates (1–5), at ang instrumento ay nagkamit ng *validity index* na 4.59, na may interpretasyong "napakahusay," na nagpapahiwatig na ang instrumento ay may angkop na antas ng katumpakan.

Matapos ang balidasyon at pagsasaayos ng instrumento, isinagawa ang dry run o pilot testing sa tatlumpung (30) guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa Lungsod ng Bacolod. Ang mga gurong lumahok sa pilot testing ay hindi kabilang sa mga aktwal na tagatugon ng pag-aaral. Pagkatapos nito, ginamit ang Cronbach's Alpha upang matukoy ang reliability index o kahusayan ng instrumento. Ayon kay Taber (2018), ang halagang 0.70 o mas mataas ay nagpapakita ng katanggap-tanggap na internal consistency. Ang instrumento ay nagkamit ng *reliability index* na 0.951, na may interpretasyong "napakahusay," na nagpapahiwatig na ang instrumento ay may angkop at katanggap-tanggap na antas ng kahusayan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Pamamaraan sa Paglilikom ng Datos**

Upang masagutan ang layunin ng pag-aaral, ang sumusunod ay ang detalyadong hakbang at pamamaraan sa pagkalap ng datos sa pag-aaral na ito. Sa unang bahagi, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Pansangay na Tagapamanihala ng Dibisyon ng Silay City sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos maaprubahan ang kahilingan, nagsumite rin ng liham-pahintulot ang mananaliksik sa mga punong-guro ng siyam (9) na pampublikong paaralang sekondarya na kabilang sa Distrito 9. Pagkatapos makuha ang kanilang pahintulot, ipinamahagi ang talatanungan sa mga gurong kalahok sa pag-aaral matapos maipaliwanag ang layunin ng pananaliksik at matiyak ang pagiging kompidensiyal ng kanilang mga tugon.

Pagkatapos ng paglikom ng datos, isinailalim ang mga kasagutan sa pag-iisa-isa, paghahanay, pagsusuri, at pagbibigay ng karampatang interpretasyon sa mga datos at pagsagot ng mga inihandang teorya o ideya. Ang *Statistical Package for Social Sciences* (SPSS) ay ginamit sa pag-*encode* at pag-aanalisa ng nalikom na datos.

**Etika ng Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay isinaalang ang boluntaryong partisipasyon ng mga tagatugon, may alam sa pagpapayag, hindi mailagay sa posibleng panganib, at *anonymity* ang mga tagatugon upang maiwasan ang anumang paglabag sa karapatang pantao sa buong proseso ng pananaliksik. Ang partisipasyon sa pag-aaral ay boluntaryo, at ang mga tagatugon ay maaaring hindi makilahok sa anumang oras. Ang mananaliksik ay nagbigay alam sa kanila na ang pag-aaral ay para lamang sa layuning pang-akademiko. Ang mananaliksik lamang ang nakakaalam sa datos ng pananaliksik, upang maisiguro ang pagpapanatiling-lihim. Sa pagdaragdag, ang mananaliksik ay striktong sumunod sa alituntunin na isinsaad ng Data Privacy Act of 2012 upang matiyak ang pagpapatupad ng mga hakbang sa seguridad na naglalayong maprotektahan ang personal at sensitibong impormasyon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagsunod ng mga alituntunin, ang mananaliksik ay naglalayong makapagbigay ng pinakamataas na antas ng pagiging propesyonal.

**Pagsusuri ng Datos at Iskemang Analitikal**

Layunin 1, ginamit ang deskriptibong iskemang analitikal upang matukoy ang propayl ng mga guro ayon sa mga baryabol na edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Layunin 2, ginamit ang deskriptibong iskemang analitikal upang matukoy ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa mga sumusunod na erya: estratehiyang oral, estratehiyang tekstuwal at estratehiyang biswal. Layunin 3, ginamit ang deskriptibong iskemang analitikal upang matukoy ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa kapag pinangkat ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Layunin 4, upang matukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa kapag pinangkat ayon sa nabanggit na mga baryabol, ginamit ang komparatibong iskemang analitikal.

## Mga Resulta at Diskusyon

Sa seksyong ito, ang mga nakalap na datos ay sumailalim sa masusing pagproseso, paglalahad, pagsusuri at interpretasyon upang pagtuunan ang mga layunin ng pag-aaral na ito.

### Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad ng Kakayahan

**Talahanayan 1**
*Propayl ng mga tagatugon*

| Baryabol | Kategorya | Dalas | Porsyento% |
|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata (Mas bata sa 39 taon gulang) | 26 | 49.06 |
| | Mas Matanda (39 taon gulang pa taas) | 27 | 50.94 |
| **Haba ng Taon ng Pagtuturo** | Mas Maikli (Mas maikli sa 12 taon) | 32 | 60.38 |
| | Mas Mahaba (12 taon pataas) | 21 | 39.62 |
| **Pinakamataas na Antas ng Edukasyon** | Mas Mababa (*Bachelor's Degree*) | 17 | 32.08 |
| | Mas Mataas (*Post Graduate Degree*) | 36 | 67.92 |
| **Buwanang Kita ng Pamilya** | Mas Mababa(Mas Mababa sa P34, 000) | 26 | 49.06 |
| | Mas Mataas (P34, 000 pataas) | 27 | 50.94 |
| | **Kabuuan** | **53** | **100** |

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng propayl ng mga tagatugon ayon sa sumusunod na mga baryabol.

Ayon sa edad, may 26 o 49.06% na mga tagatugon ang kabilang sa kategoryang mas bata (mas bata sa 39 taong gulang) samantalang 27 o 50.94% ng mga tagatugon ay kabilang sa kategoryang mas matanda (39 taong gulang pataas). Batay naman sa haba ng taon ng pagtuturo, 32 o 60.38% sa mga tagatugon ang may mas maikling taon ng pagtuturo (mas mababa sa 12 taon) habang 21 o 39.62% sa mga tagatugon naman ang may mas mahabang taon ng pagtuturo (12 taon pataas).

Ayon naman sa pinakamataas na antas ng edukasyon, 17 o 32.08% sa mga tagatugon ang may *Bachelor's Degree* samantalang 36 o 67.92% sa mga tagatugon ang may *Post Graduate*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

*Degree*. Sa buwanang kita ng pamilya, 26 o 49.06% sa mga tagatugon ang may buwanang kita na mas mababa sa P34,000, samantalang 27 o 50.94% sa mga tagatugon ang may buwanang kita na P34,000 pataas.

Ipinakikita ng mga datos na ang karamihan sa mga tagatugon ay kabilang sa kategorya ng mas matanda, may mas maikling taon ng pagtuturo, nakapagtapos ng *Post Graduate Degree*, at may buwanang kita ng pamilya na P34,000 pataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na bagama't marami sa mga tagatugon ay hindi pa umaabot sa 12 taon ang karanasan sa pagtuturo, patuloy silang nagsisikap na mapaunlad ang kanilang propesyon sa pamamagitan ng pagtatamo ng mas mataas na antas ng edukasyon. Kasabay nito, ang bahagyang mas mataas na bilang ng mga may mas mataas na buwanang kita ng pamilya ay maaaring maiugnay sa pinagsama-samang kita ng mga kasapi ng pamilya at hindi lamang sa kita mula sa kanilang propesyon bilang guro.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Erya ng Estratehiyang Oral*

| Aytem | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Bilang isang guro ako ay… | | |
| 1. nagbibigay ng huwarang pagbasa upang malinang ang wastong pagbigkas, intonasyon, ritmo, at diin ng mga mag-aaral. | 4.74 | Napakataas |
| 2. nanghihikayat sa mga mag-aaral na magbasa nang may kapares upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa teksto. | 4.58 | Napakataas |
| 3. nagpapabasa nang sabay-sabay sa klase upang mapaunlad ang kanilang kumpiyansa at kasanayan sa pagbasa. | 4.77 | Napakataas |
| 4. nagpapagawa ng paulit-ulit na pagbasa upang mapabuti ang bilis at katumpakan ng pagbasa. | 4.62 | Napakataas |
| 5. gumagabay sa mga mag-aaral kapag nahihirapan silang bigkasin ang mga salita o pangungusap. | 4.75 | Napakataas |
| 6. nagpapagawa ng *recorded reading* kung saan nirerecord ng mga mag-aaral ang kanilang pagbasa at pinakikinggan ito upang matukoy at maitama ang kanilang pagbigkas, intonasyon, at *fluency*. | 3.58 | Mataas |
| 7. nagsasanay ng wastong paghahati-hati ng parirala at pangungusap *(phrasing)* upang mapabuti ang daloy ng pagbasa. | 4.42 | Mataas |
| 8. nagbibigay ng makabuluhang puna upang maitama ang pagkakamali sa pagbasa at pagbigkas. | 4.81 | Napakataas |
| 9. nagtatala ng obserbasyon sa pag-unlad ng bawat mag-aaral bilang batayan sa susunod na | 4.38 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| hakbang sa pagtuturo. | | |
| 10. nagpapabasa nang paisa-isa sa mga mag-aaral upang masuri ang kanilang indibidwal na kakayahan sa pagbasa. | 4.75 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.54** | **Napakataas** |

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Oral. Sa kabuuan, nagtamo ang eryang ito ng kabuuang *mean* na 4.54 na may interpretasyong Napakataas.

Nagtamo ng pinakamataas na *mean* na 4.81 na may interpretasyong Napakataas ang ikawalong aytem na nagsasaad na "nagbibigay ng makabuluhang puna upang maitama ang pagkakamali sa pagbasa at pagbigkas." Samantala, nagtamo naman ng pinakamababang *mean* na 3.58 na may interpretasyong Mataas ang ikaanim na aytem na nagsasaad na "nagpapagawa ng *recorded reading* kung saan nirerecord ng mga mag-aaral ang kanilang pagbasa at pinakikinggan ito upang matukoy at maitama ang kanilang pagbigkas, intonasyon, at katatasan."

Batay sa natuklasan, ipinahihiwatig nito na bagama't mataas pa rin ang antas ng paggamit ng *recorded reading*, ito ang estratehiyang hindi gaanong madalas na naisasagawa ng mga guro kumpara sa iba pang estratehiyang oral. Bagama’t nananatiling mataas ang paggamit nito, ang relatibong mas mababang *mean* ay nagpapakita na maaari pa itong higit na mapagtibay bilang bahagi ng pagtuturo ng pagbasa. Dahil dito, ang paggamit ng *recorded reading* ay maaaring bigyang-pansin sa mga susunod na pagsasanay, mentoring, at iba pang gawaing pangkaunlaran upang higit na mapalawak ang paggamit nito ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa.

Ang resulta ay sinusuportahan ng *National Center for Education Statistics* (NCES, 2021), na nagsasaad na ang paggamit ng mga *digital recording* sa oral na pagbabasa ay mabisang paraan upang masukat ang katatasan, katumpakan, at ekspresyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binigyang-diin din ng ulat na ang ganitong uri ng pagtataya ay nangangailangan ng sapat na teknolohikal na kagamitan at paghahanda ng mga guro upang maging epektibo ang implementasyon nito. Dahil dito, maaaring hindi ito palaging maisagawa sa lahat ng silid-aralan sa kabila ng kinikilalang kahalagahan nito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Arens et al. (2018) na ang paggamit ng *audio recording* sa oral na pagbabasa ay nakatutulong sa pagpapabuti ng katatasan sa pagbasa at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mapakinggan at masuri ang kanilang sariling pagbasa. Gayunman, ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang matagumpay na paggamit ng estratehiyang ito ay nakasalalay sa pagkakaroon ng sapat na kagamitang teknolohikal at kahandaan ng guro sa pagsasagawa ng naturang gawain.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Erya ng Estratehiyang Tekstuwal*

| Aytem | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Bilang isang guro ako ay… | | |
| 1. nagbibigay-diin sa pagtukoy ng pangunahing ideya at mga suportang detalye ng binasang teksto. | 4.85 | Napakataas |
| 2. nanghihikayat sa mga mag-aaral na | 4.23 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| markahan o salungguhitan ang mahahalagang bahagi ng teksto habang nagbabasa. | | |
| 3. nagpapagawa ng nakasulat na buod batay sa kanilang nabasang teksto. | 4.55 | Napakataas |
| 4. nagbibigay ng mga tanong na nangangailangan ng pag-unawa at pagsusuri batay sa nilalaman ng teksto. | 4.85 | Napakataas |
| 5. nagtuturo ng pagbibigay-kahulugan sa mahihirap na salita gamit ang konteksto ng pangungusap o talata. | 4.72 | Napakataas |
| 6. nag-uugnay ng nilalaman ng teksto sa sariling karanasan ng mga mag-aaral upang mapalalim ang pag-unawa. | 4.81 | Napakataas |
| 7. nagpapakita ng huwarang pagsusuri at interpretasyon ng teksto bilang gabay sa mga mag-aaral. | 4.72 | Napakataas |
| 8. nagpapagawa ng gawain sa pagbuo ng bokabularyo tulad ng paggamit ng mga bagong salita sa pangungusap. | 4.60 | Napakataas |
| 9. nag-oorganisa ng gawain kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang gawa ng kanilang kaklase upang malinang ang kasanayan sa tekstuwal na pagsusuri. | 4.23 | Mataas |
| 10. naghihikayat sa mga mag-aaral na bumuo ng sariling mga tanong batay sa teksto upang mapalakas ang kritikal na pag-iisip. | 4.53 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.61** | **Napakataas** |

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Tekstuwal. Sa kabuuan, nagtamo ang eryang ito ng kabuuang *mean* na 4.61 na may interpretasyong Napakataas.

Nagtamo ng pinakamataas na *mean* na 4.85 na may interpretasyong Napakataas ang unang aytem na nagsasaad na "nagbibigay-diin sa pagtukoy ng pangunahing ideya at mga suportang detalye ng binasang teksto" at ang ikaapat na aytem na nagsasaad na "nagbibigay ng mga tanong na nangangailangan ng pag-unawa at pagsusuri batay sa nilalaman ng teksto." Samantala, nagtamo naman ng pinakamababang *mean* na 4.23 na may interpretasyong Mataas ang ikalawang aytem na nagsasaad na "nanghihikayat sa mga mag-aaral na markahan o salungguhitan ang mahahalagang bahagi ng teksto habang nagbabasa" at ang ikasiyam na aytem na nagsasaad na "nag-oorganisa ng gawain kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang gawa ng kanilang kaklase upang malinang ang kasanayan sa tekstuwal na pagsusuri."

Ipinahihiwatig nito na maaari pang higit na mapaunlad ng mga guro ang paggamit ng *annotation* at *peer text analysis* upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Ng et al. (2020) na nagsasabing ang *online collaborative annotation* at *peer assessment* ay nagpapataas ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

pakikilahok ng mga mag-aaral at nagpapahusay ng kanilang kasanayan sa akademikong pagbasa. Gayundin, natuklasan nina Chen et al. (2019) na naglahad na ang *collaborative reading annotation* ay nakapagpapataas ng kalidad ng mga anotasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa teksto, na mahalaga sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa binabasa.

**Talahanayan 4**
*Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa ayon sa Erya ng Estratehiyang Biswal*

| Aytem | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Bilang isang guro ako ay… | | |
| 1. gumagamit ng mga *digital tools* sa pagbuo ng *concept map* upang mas malinaw na maipakita ang ugnayan ng mga ideya sa teksto. | 4.72 | Napakataas |
| 2. nagpapakita ng mga larawan, tsart, o dayagram bago ang pagbasa upang mapukaw ang interes at paunang pag-unawa sa paksa. | 4.58 | Napakataas |
| 3. gumagamit ng *flashcards* upang matulungan ang mga mag-aaral na madaling matandaan at maunawaan ang mahahalagang salita o konsepto sa teksto. | 4.13 | Mataas |
| 4. gumagamit ng *venn diagram* upang maihambing ang mga ideya o konsepto sa teksto. | 4.58 | Napakataas |
| 5. gumagamit ng *annotation symbols* sa teksto upang gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mahahalagang ideya, detalye, at ugnayan sa binabasa. | 4.26 | Mataas |
| 6. gumagamit ng *flowchart* upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o ideya. | 4.64 | Napakataas |
| 7. gumagamit ng *mind map* upang matulungan ang mga mag-aaral na maorganisa ang kanilang mga ideya at pag-unawa. | 4.40 | Mataas |
| 8. naghihikayat sa mga mag-aaral na gumamit ng *timeline* upang masundan ang kronolohiya ng teksto. | 4.38 | Mataas |
| 9. gumagamit ng dayagram ng sanhi at bunga upang ipakita ang ugnayan ng mga pangyayari sa teksto. | 4.62 | Napakataas |
| 10. nagpapagawa ng talahanayan o tsart upang maikumpara ang mahahalagang impormasyon mula sa teksto. | 4.68 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.50** | **Napakataas** |

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa erya ng Estratehiyang Biswal. Sa kabuuan, nagtamo ang eryang ito ng kabuuang *mean* na 4.50 na may interpretasyong Napakataas.

Nagtamo ng pinakamataas na *mean* na 4.72 na may interpretasyong Napakataas ang unang aytem na nagsasaad na "gumagamit ng mga *digital tools* sa pagbuo ng *concept map* upang

mas malinaw na maipakita ang ugnayan ng mga ideya sa teksto." Samantala, nagtamo naman ng pinakamababang *mean* na 4.13 na may interpretasyong Mataas ang ikatlong aytem na nagsasaad na "gumagamit ng *flashcards* upang matulungan ang mga mag-aaral na madaling matandaan at maunawaan ang mahahalagang salita o konsepto sa teksto."

Ang resulta ay maaaring mangahulugan na ang paggamit ng *flashcards* ay isa sa mga estratehiyang biswal na nangangailangan pa ng higit na pagpapalawak at pagpapatibay sa kasanayan ng mga guro. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Matruty at Que (2021) na nagsasabing ang *flashcards* ay isang mabisang kagamitang panturo na nagpapadali sa paglalahad at pagpapatibay ng mga konsepto sa pagtuturo. Gayundin, binigyang-diin nina Rahma et al. (2021) na ang *flashcards* ay nakatutulong sa mga guro sa pagpapadali ng presentasyon ng mga bagong salita at konsepto at nagiging mas organisado ang proseso ng pagtuturo. Ang relatibong mababang mean na nakuha ng aytem na ito ay nagpapakita na may puwang pa upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga guro sa pagpili, pagdidisenyo, at epektibong paggamit ng *flashcards* bilang bahagi ng kanilang estratehiyang biswal.

**Talahanayan 5**

*Pagkakaiba sa Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Erya ng Estratehiyang Oral kapag Pinangkat at Pinaghambing ayon sa mga Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | N | Mean Rank | Mann-Whitney U | p-value | *Sig. level* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata | 26 | 31.17 | 242.500 | 0.052 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Matanda | 27 | 22.98 | | | | |
| **Haba ng Taon ng Pagtuturo** | Mas Maikli | 32 | 26.88 | 332.000 | 0.942 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mahaba | 21 | 27.19 | | | | |
| **Pinakamataas na Antas ng Edukasyon** | Mas Mababa | 17 | 31.24 | 234.000 | 0.167 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 36 | 25.00 | | | | |
| **Buwanang Kita ng Pamilya** | Mas Mababa | 26 | 28.96 | 300.000 | 0.361 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 27 | 25.11 | | | | |

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Oral kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Batay sa resulta, walang makabuluhang pagkakaiba sa lahat ng nabanggit na baryabol sapagkat ang nakalkulang *p-value* na 0.052 para sa edad, 0.942 para sa haba ng taon ng pagtuturo, 0.167 para sa pinakamataas na antas ng edukasyon, at 0.361 para sa buwanang kita ng pamilya ay pawang mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05.

Samakatuwid, tinatanggap ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng

mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Oral kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya.

Batay sa resulta, ipinahihiwatig nito na ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng estratehiyang oral ay nananatiling magkakatulad anuman ang kanilang edad, haba ng karanasan sa pagtuturo, antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ipinakikita rin nito na ang mga nabanggit na baryabol ay hindi naging salik sa antas ng paggamit ng mga estratehiyang oral, sapagkat ang mga pamamaraang ito ay bahagi na ng mga pangunahing praktikang panturo sa pagbasa na malawak na kinikilala at ginagamit sa iba't ibang antas ng edukasyon. Dahil dito, maituturing na pare-pareho ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagpapatupad ng estratehiyang oral, na maaaring bunga ng paggamit ng magkakatulad na pamantayan sa pagtuturo ng pagbasa at ng patuloy na pagsasabuhay ng mga estratehiyang napatunayang mabisa sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sinusuportahan ito ng sintesis nina Hudson et al. (2020) na nagpakitang ang mga estratehiyang nakatuon sa *oral reading fluency* ay patuloy na kabilang sa mga pinakanapatunayang pamamaraang ginagamit sa pagtuturo ng pagbasa. Natuklasan sa kanilang pagsusuri na ang sistematiko at pare-parehong paggamit ng mga estratehiyang ito ay nakapagpapahusay sa katatasan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, dahilan upang maging mahalagang bahagi ito ng karaniwang praktikang panturo ng mga guro sa iba't ibang konteksto ng edukasyon.

Kaayon din nito ang pag-aaral nina Rupley et al. (2020) na nagsabing ang *oral reading fluency* ay isa sa mga pundamental na sangkap ng epektibong pagtuturo ng pagbasa at matagal nang kinikilalang mahalagang bahagi ng mga programang pangliterasi. Binigyang-diin nila na ang mga estratehiyang oral ay nananatiling pangunahing bahagi ng pagtuturo sapagkat may matibay na kaugnayan ang mga ito sa pag-unlad ng pag-unawa sa binabasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng estratehiyang oral anuman ang kanilang demograpikong katangian.

**Talahanayan 6**
*Pagkakaiba sa Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Erya ng Estratehiyang Tekstuwal kapag Pinangkat at Pinaghambing ayon sa mga Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | N | Mean Rank | Mann-Whitney U | p-value | *Sig. level* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata | 26 | 29.85 | 277.000 | 0.185 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Matanda | 27 | 24.26 | | | | |
| **Haba ng Taon ng Pagtuturo** | Mas Maikli | 32 | 26.89 | 32.500 | 0.949 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mahaba | 21 | 27.17 | | | | |
| **Pinakamataas** | Mas | 17 | 27.09 | 304.500 | 0.977 | | Hindi |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **na Antas ng Edukasyon** | Mababa | | | | | Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 36 | 26.96 | | | |
| **Buwanang Kita ng Pamilya** | Mas Mababa | 26 | 27.10 | 348.500 | 0.946 | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 27 | 26.91 | | | |

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Tekstuwal kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Batay sa resulta, walang makabuluhang pagkakaiba ang natuklasan sa lahat ng baryabol sapagkat ang nakalkulang *p-value* na 0.185 para sa edad, 0.949 para sa haba ng taon ng pagtuturo, 0.977 para sa pinakamataas na antas ng edukasyon, at 0.946 para sa buwanang kita ng pamilya ay pawang mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05.

Samakatuwid, ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Tekstuwal kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya ay hindi tinatanggihan.

Batay sa resulta, ipinahihiwatig nito na ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiyang tekstuwal ay nananatiling magkakatulad anuman ang kanilang edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ipinakikita ng natuklasan na ang mga nabanggit na baryabol ay hindi naging salik upang magkaroon ng pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiyang tekstuwal sa pagtuturo ng pagbasa. Maaaring ipakahulugan na ang mga estratehiyang tekstuwal ay bahagi na ng mga karaniwang gawaing pampagtuturo na isinasagawa ng mga guro bilang pagtugon sa mga layunin ng pagtuturo ng pagbasa at sa mga pamantayang itinakda ng kurikulum. Dahil dito, ang mga guro ay nakapagpapamalas ng magkakatulad na antas ng kasanayan sa paggamit ng mga estratehiyang tekstuwal sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga katangiang demograpiko.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina De Ocampo et al. (2024) na nagsiyasat sa mga estratehiya, pamamaraan, at hamon ng mga guro sa pagtuturo ng pag-unawa sa binabasa. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya at pamamaraang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa kapag pinangkat ayon sa kanilang pinakamataas na antas ng edukasyon, haba ng serbisyo, posisyon, distrito, at bilang ng mga dinaluhang pagsasanay. Ipinahihiwatig ng kanilang natuklasan na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay hindi nakabatay sa mga propesyunal na katangian ng mga guro, kundi sa kanilang sama-samang pagsunod sa mga pamantayan ng mabisang pagtuturo ng pagbasa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat kapwa ipinakikita na ang mga katangiang demograpiko ng mga guro ay hindi nagdudulot ng makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, kabilang ang mga estratehiyang tekstuwal.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Talahanayan 7**
*Pagkakaiba sa Antas ng Pagtataya sa Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa ayon sa Erya ng Estratehiyang Biswal kapag Pinangkat at Pinaghambing ayon sa mga Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | N | Mean Rank | Mann-Whitney U | p-value | *Sig. level* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata | 26 | 31.17 | 242.500 | 0.052 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Matanda | 27 | 22.98 | | | | |
| **Haba ng Taon ng Pagtuturo** | Mas Maikli | 32 | 26.88 | 332.000 | 0.942 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mahaba | 21 | 27.19 | | | | |
| **Pinakamataas na Antas ng Edukasyon** | Mas Mababa | 17 | 31.24 | 234.000 | 0.167 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 36 | 25.00 | | | | |
| **Buwanang Kita ng Pamilya** | Mas Mababa | 26 | 28.96 | 300.000 | 0.361 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mas Mataas | 27 | 25.11 | | | | |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Biswal kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Batay sa resulta, walang makabuluhang pagkakaiba ang natuklasan batay sa nakalkulang *p-value* na 0.052 para sa edad, 0.942 para sa haba ng taon ng pagtuturo, 0.167 para sa pinakamataas na antas ng edukasyon, at 0.361 para sa buwanang kita ng pamilya sapagkat ang mga ito ay mas mataas kaysa sa itinakdang *sig. level* na 0.05.

Samakatuwid, ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa erya ng Estratehiyang Biswal kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya ay hindi tinatanggihan.

Batay sa resulta, ipinahihiwatig nito na ang antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiyang biswal ay nananatiling magkakatulad anuman ang kanilang edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ipinakikita ng natuklasan na ang mga nabanggit na baryabol ay hindi naging batayan ng pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiyang biswal sa pagtuturo ng pagbasa. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga estratehiyang biswal ay bahagi na ng mga pamamaraang pampagtuturo na kinikilala at isinasagawa ng mga guro upang maging mas organisado at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon ng magkakatulad na antas ng kasanayan ang mga guro sa paggamit ng mga estratehiyang biswal sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga katangiang demograpiko.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

Sinasang-ayunan ito ng pag-aaral nina De Ocampo et al. (2024) na nagsiyasat sa mga estratehiya, pamamaraan, at hamon ng mga guro sa pagtuturo ng pag-unawa sa binabasa. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya at pamamaraang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa kapag pinangkat ayon sa pinakamataas na antas ng edukasyon, haba ng serbisyo, posisyon, distrito, at bilang ng mga dinaluhang pagsasanay. Ipinahihiwatig ng kanilang natuklasan na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay nananatiling magkakatulad sa iba't ibang pangkat ng mga guro sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang mga propesyunal na katangian. Ang natuklasang ito ay umaayon sa kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita rin ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiyang biswal batay sa kanilang edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya.

Pinagtitibay pa ito ng pag-aaral ni Muflih (2019) na nagpapakita na ang paggamit ng visual organizations ay nakatutulong sa pag-oorganisa ng mga ideya at konsepto upang maging mas malinaw ang ugnayan ng mga impormasyon at higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto. Ipinahihiwatig ng kaniyang pag-aaral na ang mga estratehiyang biswal ay mahalagang bahagi ng epektibong pagtuturo ng pagbasa sapagkat pinadadali nito ang pagpoproseso ng impormasyon at pagbuo ng kahulugan mula sa teksto. Dahil dito, ang patuloy na paggamit ng mga estratehiyang biswal ng mga guro ay maaaring magbunga ng magkakatulad na antas ng kasanayan sa kanilang pagtuturo, anuman ang kanilang personal at propesyunal na katangian.

**Konklusyon**

Karamihan sa mga tagatugon ay nagmula sa mga guro na may magkakaibang edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Sa Estratehiyang Oral, ang mga guro ay may napakataas na antas ng pagtataya sa kanilang kasanayan sa paggamit ng mga pasalitang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kasanayan sa paggamit ng mga estratehiyang oral bilang bahagi ng proseso ng pagtuturo ng pagbasa. Sa Estratehiyang Tekstuwal, ang mga guro ay may napakataas na antas ng pagtataya sa kanilang kasanayan. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kasanayan sa paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa pag-unawa, pagsusuri at pagproseso ng impormasyon mula sa teksto. Sa Estratehiyang Biswal, ang mga guro ay mayroon ding napakataas na antas ng pagtataya sa kanilang kasanayan. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may sapat na kasanayan sa paggamit ng mga estratehiyang biswal bilang pantulong sa pag-unawa at pag-oorganisa ng mga impormasyong nakapaloob sa teksto. Sa pagkakapangkat ayon sa edad, ang mga guro ay walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng pagtataya sa kasanayan sa paggamit ng tatlong estratehiya. Ipinahihiwatig nito na walang sapat na ebidensiyang estadistikal upang patunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga guro sa kanilang kasanayan sa pagtuturo ng pagbasa batay sa edad. Sa pagkakapangkat ayon sa haba ng taon ng pagtuturo, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang haba ng karanasan sa pagtuturo ay hindi nagdulot ng makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtataya sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Sa pagkakapangkat ayon sa pinakamataas na antas ng edukasyon, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaiba sa antas ng pormal na edukasyon ay hindi nagdulot ng makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga guro sa kanilang kasanayan sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Sa pagkakapangkat ayon sa buwanang kita ng pamilya, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtataya sa kasanayan ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaiba sa buwanang kita ng pamilya ay hindi nagdulot ng makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.

Sa kabuuan, ang mananaliksik ay nakabuo ng konklusyon na mataas ang antas ng pagtataya ng mga guro sa kanilang kasanayan sa paggamit ng Estratehiyang Oral, Estratehiyang Tekstuwal, at Estratehiyang Biswal sa pagtuturo ng pagbasa. Samantala, walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng pagtataya kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa edad, haba ng taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at buwanang kita ng pamilya. Ipinahihiwatig nito na ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay nananatiling mataas sa iba't ibang pangkat ng mga tagatugon.

## Pagkilala

Ikinalulugod ng mananaliksik na ipahayag ang taos-pusong pasasalamat sa mga taong walang sawang sumuporta at tumulong upang matagumpay na maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Sa tagapayo ng mananaliksik, maraming salamat sa paggabay, pagtulong sa pagsasaayos ng pagsulat, at pagbuo ng pag-aaral. Sa mga guro sa Filipino na nagsilbing mga tagatugon, salamat sa paglalaan ng panahon sa pagsagot ng talatanungan at pagbabahagi ng kanilang kaalaman at kasanayan na naging mahalagang batayan ng pananaliksik. Sa mga kaibigan, sinisinta, at mga magulang ng mananaliksik, salamat sa pagiging sandalan, suporta, at inspirasyon sa buong pagsasagawa ng pag-aaral. Higit sa lahat, sa Poong Maykapal, salamat sa patuloy na pagbibigay ng gabay, lakas, at mga pangangailangan sa lahat ng oras. Ang Iyong mga salita ang naging paalala na magiging posible ang imposible, at ang Iyong pagmamahal ang naging lakas hanggang sa matapos ang pananaliksik na ito.

## Suliranin sa Salungatan ng Interes

Pinaninindigan ng mananaliksik na walang obligasyong pinansyal o personal na relasyon sa sinumang indibidwal o organisasyon na maaaring makaapekto o magdulot ng pagkiling sa nilalaman ng pag-aaral na ito. Hindi rin nakatanggap ang mananaliksik ng anumang tulong pinansyal mula sa sinumang tao o organisasyon. Kung kaya, tahasang ipinahahayag na walang umiiral na *competing interests* o *conflict of interest* na maaaring makaimpluwensya sa proseso, resulta, o nilalaman ng pananaliksik na ito.

## Talasanggunian

Alexander, R. J. (2017). Towards dialogic teaching: Rethinking classroom talk (5th ed.). Dialogos. https://coleridgeprimary.org/wp-content/uploads/2019/11/Dialogc-teaching-in-brief-170622.pdf

Alfino, B. Y., Rochsantiningsih, D., & Sulistyawati, H. (2019). Improving students' class participation by optimizing the use of think-pair-share technique. PAEDAGOGIA: Jurnal Penelitian Pendidikan, 22(2), 136–147. https://jurnal.uns.ac.id/paedagogia/article/view/38573

Arens, K., Gove, M. K., & Abate, R. (2018). Oral reading fluency with iPods. Reading Improvement, 55(2), 54–62. ERIC. https://eric.ed.gov/?id=EJ1180317

Bearneza, R. M. (2023). Visual instructional materials and students' academic performance in language learning. International Journal of Multidisciplinary Educational Research, 12(2), 88–96.

Capinding, A. T. (2021). Analysis of learning and academic performance of education students before and during the coronavirus disease pandemic. European Journal of Educational Research, 10(4), 1953–1962. https://doi.org/10.12973/eu-jer.10.4.1953

Chen, C.-M., Li, M.-C., & Chen, T.-C. (2019). A web-based collaborative reading annotation system with gamification mechanisms to improve reading performance. Computers & Education, 144, Article 103697. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103697

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications. https://us.sagepub.com/en-us/nam/research-design/book255675

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng Senior High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(10), 125–137. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

De Ocampo, L. L. L., Tosino, W. F., & Martir, E. M. (2024). Teachers' reading comprehension strategies, approaches and challenges. International Journal of Science and Management Studies, 7(3). https://doi.org/10.51386/25815946/ijsms-v7i3p107

Duke, N. K., Ward, A. E., & Pearson, P. D. (2021). The science of reading comprehension instruction. The Reading Teacher, 74(6), 663–672. https://doi.org/10.1002/trtr.1993

EDCOM 2. (2026). Mending the gaps: The state of Philippine education report. Executive Council for Education. https://edcom2.gov.ph/media/2026/01/EDCOM-II-Y03-for-web-012626_final.pdf

Enario, J., Glinogo, J., Salmeron, G., Salmeron, G., Ocaña, M., Ocaña, J., Yong, J., Villarubia, M., Lobrino, H., Gedorio, M., Barazona, G., Ambrad, L., Dinopol, A., Torino, C., Esparaguera, J., Mendez, D., Tabanao, R., Villanueva, M., Taneo, J. D., . . . Minyamin, A. (2022). Enriching the teaching of the appropriate use of graphic organizer through guided visual-imagery. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 4(2), 1–8. https://doi.org/10.5281/zenodo.7038030

Fisher, D., & Frey, N. (2018). The uses and misuses of graphic organizers in content area learning. The Reading Teacher, 71(6), 763–766. https://doi.org/10.1002/trtr.1693

Fisher, D., Frey, N., & Hattie, J. (2016). Visible learning for literacy, grades K–12: Implementing the practices that work best to accelerate student learning. Corwin.

Fuchs, D., Cho, E., Toste, J. R., Fuchs, L. S., Gilbert, J. K., McMaster, K. L., Svenson, E., & Thompson, A. (2020). A quasiexperimental evaluation of two versions of first-grade PALS: One with and one without repeated reading. Exceptional Children, 87(2), 141–162. https://doi.org/10.1177/0014402920938440

Gime, A. V. (2023). Ang pangangailangang pagpapaunlad ng mga guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan. International Journal of Research Studies in Education, 12(4), 7–20. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2002

Harvey, S., & Goudvis, A. (2023). Strategies that work: Teaching comprehension for understanding, engagement, and building knowledge, grades K–8 (3rd ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781032682525

Hasbrouck, J. E., & Glaser, D. R. (2019). Reading fluency: Understand, assess, teach. Benchmark Education Company.

Hudson, A., Koh, P. W., Moore, K. A., & Binks-Cantrell, E. (2020). Fluency interventions for elementary students with reading difficulties: A synthesis of research from 2000–2019. Education Sciences, 10(3), Article 52. https://doi.org/10.3390/educsci10030052

Longos, J. T.-T. (2019). Analysis of the Phil-IRI 2018-2019: Pretest and posttest results (English). PDFCOFFEE. https://pdfcoffee.com/analysis-of-the-phil-iri-2018-2019-english-8-pdf-free.html

Lubid, M. C., Pablo, E. S., Paran, F. L., Payangdo, S. A., Pisda, J. P., & Eguia, M. L. G. (2025). Flashcard: Estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grade 1. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 197–205. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.016

Magsalay, C. M. (2022). Effectiveness of graphic organizer instruction on students' achievement in social science of Sta. Maria Integrated School: Basis for improved instruction. AIDE Interdisciplinary Research Journal, 1(1).

Marcelo, E. B. (2025). The Philippine Professional Standards for Teachers (PPST): Empowering educators for national transformation. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research. https://www.researchgate.net/publication/332103677

Matruty, E., & Que, S. (2021). Using flashcard as a media in teaching vocabulary for the eighth grade students of junior high school. MATAI: International Journal of Language Education, 2(1). https://ojs3.unpatti.ac.id/index.php/matail/article/view/5490

Monde, J. (2023). Reading proficiency and teacher competence in the Philippine context. University of the Philippines Press.

Muflih, M. K. M. (2019). The effectiveness of using visual organizations in improving reading and writing skills from the teachers' point of view. International Education Studies, 12(3), 135–147. https://doi.org/10.5539/ies.v12n3p135

Ng, W. S., Xie, H., & Cheng, G. (2020). Enhancing academic reading skills using a peer assessment of online collaborative annotation approach. In Technology in Education. Innovations for Online Teaching and Learning (Communications in Computer and Information Science, Vol. 1302, pp. 281–292). Springer. https://doi.org/10.1007/978-981-33-4594-2_24

OECD. (2019). PISA 2018 results. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/5f07c754-en

Pearson, P. D., & Gallagher, M. C. (1983). The instruction of reading comprehension. Contemporary Educational Psychology, 8(3), 317–344. https://doi.org/10.1016/0361-476X(83)90019-X

Rahma, E. W., Andriani, A., & Sulastri, F. (2021). Exploring flashcard as the media in teaching vocabulary to EFL young learners. Journal of Applied Linguistics (ALTICS), 3(2), 110–121. https://ejournal.unper.ac.id/index.php/ALTICS/article/view/1254

Rupley, W. H., Nichols, W. D., Rasinski, T. V., & Paige, D. D. (2020). Fluency: Deep roots in reading instruction. Education Sciences, 10(6), Article 155. https://doi.org/10.3390/educsci10060155

Sadiki, M. C. (2024). Promoting inclusive and equitable quality education through human rights to achieve SDG 4. Educational Administration Theory and Practice, 30(11). https://www.researchgate.net/publication/386996726

Tolibas, M. C. J. (2025). Assessing the reading skills of intermediate graders using the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI): Insights for teachers. International Journal of Education Humanities and Social Science, 8(1), 33–40. https://doi.org/10.54922/IJEHSS.2025.0887